

Makakakuha ng LIBRENG kopya ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal, Patakaran sa Tulong Pinansyal, Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika at Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta sa wikang Ingles, Espanyol at iba pang wikang nakakatugon sa mga pamantayang inilalarawan sa Patakaran sa Tulong Pinansyal sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-ugnayan sa Admission/Registration Department ng Ospital
- Pagtawag sa +1.713.338.5502 o 1.800.526.2121, opsyon 5
- Paghiling ng aplikasyon sa pamamagitan ng liham:
909 Frostwood
Attn: PBS Financial Assistance
Houston, TX 77024
- Pag-download ng aplikasyon mula sa website ng Memorial Hermann Health System na: <http://www.memorialhermann.org/financialassistanceprogram/>

Memorial Hermann Health System

Upang malaman kung kwalipikado ka para sa tulong pinansyal, Medicaid, Medicare, o iba pang programa at para sa libreng kumpidensyal na tulong sa pag-apply, makipag-ugnayan sa:

Patient Business Services

909 Frostwood Dr., Suite 3:100
Houston, TX 77024
Attention: PBS Financial Assistance

Telepono: +1.713.338.5502 o
1.800.526.2121, opsyon 5
E-mail: Patient.Billing@memorialhermann.org

Biyernes: 8am – 5pm
Lunes – Huwebes: 8am – 7pm

Petsa ng Bersyon: Nobyembre 14, 2017

Buod ng Tulong Pinansyal ng Pasyente

Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika



Sinagot na Mahahalagang Tanong:

- Anu-anong serbisyo ang saklaw?
- Paano ako mag-apply para sa tulong?
- Sino ang kwalipikado para sa tulong?
- Ano ang mga limitasyon sa kita?
- Paano kung hindi ko matugunan ang mga limitasyon sa kita?
- Saan ako makakakuha ng aplikasyon upang makapag-apply?

Patakarán sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP)

Nag-aalok ang Memorial Hermann Health System ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyente batay sa kita, laki ng pamilya at Pederal na Antas sa Kahirapan para sa hindi buo o buong diskwento sa medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital. Dapat mag-apply para sa programa ang mga pasyenteng naghahanap ng tulong pinansyal, na nakabuod sa dokumentong ito.

Anu-anong Serbisyo ang Saklaw?

Sinasaklaw ng Patakarán sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP) ang mga pang-emergency at medikal na kinakailangang serbisyong ibinibigay sa Memorial Hermann Hospital.

HINDI SAKLAW ng Patakarán sa Tulong Pinansyal ang: mga cosmetic procedure, serbisyong ibinibigay ng mga doktor at iba pang provider na gumagamot sa iyo sa Memorial Hermann Hospital ngunit hindi empleyado ng Ospital, o provider na naniningil nang hiwalay sa Ospital para sa kanilang mga serbisyo.

Paano Mag-apply

Maaaring kunin ang Patakarán at Aplikasyon sa Tulong Pinansyal nang personal, sa pamamagitan ng liham, sa pamamagitan ng pagtawag at mula sa website ng Memorial Hermann. Sagutan ang aplikasyon, ilakip ang mga hinihiling na dokumento at isumite sa Admission/Registration Department ng Ospital o sa address na nakalista sa likod ng brochure na ito.

Mga Limitasyon sa Kita

Isa sa mga salik sa kwalipikasyon ang kita batay sa talahanayan sa ibaba:

MGA ALITUNTUNIN SA KAHIRAPAN SA TAONG 2020	
Mga tao sa pamilya/tahanan	Kita kada Taon
1	\$ 12,760
2	\$ 17,240
3	\$ 21,720
4	\$ 26,200
5	\$ 30,680
6	\$ 35,160
7	\$ 39,640
8	\$ 44,120

Para sa mga pamilya/tahanan na may mahigit 8 tao: magdagdag ng \$4,480 para sa bawat karagdagang tao.

Sino ang Kwalipikado para sa Tulong Pinansyal?

Nakadepende ang halaga ng tulong pinansyal sa iyong kita, laki ng pamilya at Pederal na Antas sa Kahirapan. Ang mga pasyenteng may kita ang pamilya na 200% sa Pederal na Antas sa Kahirapan o mas mababa pa ay maaaring maging kwalipikado para sa 100% diskwento. Ang mga pasyenteng may kita ang pamilya na lampas 200% sa Pederal na Antas sa Kahirapan ay maaaring maging kwalipikado para sa diskwento.

Tingnan ang detalyadong impormasyon sa patakarán sa:

<http://www.memorialhermann.org/financialassistanceprogram/>

Hindi sisingilin ang mga kwalipikadong pasyente para sa pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga nang mas mataas kaysa sa Mga Halagang Pangkalahatang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) sa mga pasyenteng may insurance.

Katanggap-tanggap ang mga sumusunod na anyo ng larawang pagkakakilanlan para sa patunay ng pagkakakilanlan:

- Lisensya sa pagmamaneho o identification card na ibinigay ng estado
- Identification card ng mag-aaral
- Pasaporte (US o ibang bansa)
- Dokumento sa immigration ng U.S.
- Identification card na ibinigay ng Foreign Consulate
- Credit card (na may larawan)